



## INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** ika-25 ng Oktubre, 2018

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Aaron Richardson - 415.749.4900

### **Nagsimula na ang panahon para sa pinahihintulutang pagsunog para sa pagsunog ng mga pinutol at tinabas na puno o halaman sa orchard at mga pagsunog para sa pamamahala ng gubat**

**SAN FRANCISCO** - Inaanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na magsisimula sa Huwebes, ika-1 ng Nobyembre ang bukas na panahon ng pagsunog para sa pagsunog ng mga pinutol at tinabas na puno o halaman sa orchard at mga pagsunog para sa pamamahala ng gubat. Ang pinahihintulutang panahon ng pagsunog para sa parehong uri ng mga pagsunog ay magtatagal hanggang ika-30 ng Abril, 2019.

***Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi magdedeklara ng mga araw ng pinahihintulutang pagsunog kapag pinairal ang Alerto na Spare the Air (Iligtas ang Hangin) sa Taglamig o kung ang rehiyon ay nakakaranas ng malaking epekto ng usok mula sa mga apoy sa gubat.***

Ang mga pagsunog ng mga pinutol at tinabas na puno o halaman sa orchard ay mga pang-agrikulturang pagsunog na itinakda para sa layunin ng may panahong pag-aalis ng mga pinutol o tinabas na puno o halaman na mula sa mga puno ng prutas, puno ng mani, ubasan at mga prutas mula sa tubo. Ang mga pagsunog na ito ay limitado sa mga materyal na tinanim sa lugar at at dapat itakda o payagan ng pampublikong bumbero na may hurisdiksyon. Ang mga bagay na tulad ng pakain o mga lalagyan ng abono, tinabas na kahoy at plastik o mga produktong goma ay hindi pinapayagang sunugin. Kailangan ang mga pagsunog na ito para mapanatili at maipagpatuloy ang pagpapalaki ng mga puno ng prutas, ubasan at mga prutas na mula sa tubo sa mga taniman na maaaring mag-ani. Ang mga abiso tungkol sa mga pagsunog na ito at ang mga pagbabayad ng fee para sa abiso ay dapat ipadala sa Air District bago ang pagsunog.

Ang mga pagsunog para sa pamamahala ng gubat ay itinatakda para sa layunin ng pag-alis ng mga labi sa gubat at para sa iba ang aktibidad na may kaugnayan sa gubat, tulad ng mga pagpapatakbo ng kahuyan at mga kasanayan sa pagprotekta ng gubat. Ang mga ito ay dapat itakda o payagan ng pampublikong bumbero na mayroong hurisdiksyon. Ang mga abiso tungkol sa mga pagsunog na ito at ang mga pagbabayad ng fee para sa abiso ay dapat gawin sa Air District bago ang pagsunog.

Ang mga pagsunog para sa pamamahala ng gubat na inaasahang lumampas sa 10 ektarya ang laki, o para sunugin ang tumpok ng mga halaman mula sa mahigit sa 10 ektarya ng lupa, ay kinokontrol bilang mga pagsunog ng mga halaman sa gubat at pinapayagan sa buong taon. Ang mga ito ay hindi maaaring itakda nang walang plano ng pamamahala ng usok, na dapat isumite sa Air District 30 araw na maaga bago ang naplanong pagsunog at dapat aprubahan. Dapat makatanggap muna ng

- higit pa-

pagtatalaga ng lawak ng lupain para sa pagsunog mula sa Distrito ng Hangin sa bawat araw bago simulan ang anumang pagsusunog.

Dapat ding magtanong ang mga inaasahang magsusunog sa kanilang mga lokal na ahensiya sa sunog at sa Cal Fire (California Department of Forestry and Fire Protection, Cal Fire) para makakuha ng pahintulot sa lugar at mga kinakailangan para sa kaligtasan sa sunog. Ang mga unit ng Cal Fire ay maaaring may mga karagdagang paghihigpit na ginagamit, kaya makipag-ugnayan sa [lokal na istasyon ng Cal Fire](#) sa iyong komunidad.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang pagsunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Bawat araw ng taon ay itinalaga bilang araw ng PAGESUNOG o HINDI MAAARING MAGSUNOG at ang mga pinahihintulutang sunog ay maaari lang isagawa sa mga itinatag na panahon ng pagsunog sa isang itinalagang araw ng PAGESUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: [www.baaqmd.gov/rules](http://www.baaqmd.gov/rules). Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

*Opisina ng Mga Pakikipag-ugnayan ng Air District*  
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900*  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Paqalabas ng Balita](#)